IKALABINGAPAT NA KONGRESO NG REPUBLIKA )
NG PILIPINAS )
Ikatlong Regular na Sesyon )

SENADO

P.S. Res. Blg. 1332

Ipinanukala ni KGG. Manuel "Lito" M. Lapid

**RESOLUSYONG**
**NAGPAPAHAYAG NG PAKIKIDALAMHATI AT PAGLULUKSA NG SENADO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS SA PAGPANAW NG TAGAPAMAHALANG PANGKALAHATAN NG IGLESIA NI CRISTO (INC) ERAÑO "KA ERDY" DE GUZMAN MANALO**

***SAPAGKAT,*** ang Senado ng Republika ng Pilipinas sa napakaraming pagkakataon ay nagbigay-pugay at nagbigay-galang sa mga katangi-tanging mga Filipino para sa kanilang mga di-matatawarang pagkatao;

***SAPAGKAT,*** ang Tagapamahalang Pangkalahatan ng kapatiran ng Iglesia ni Cristo na si Eraño "Ka Erdy" De Guzman Manalo ay pumanaw noong ika-31 ng Agosto taong 2009;

***SAPAGKAT,*** si Eraño "Ka Erdy" De Guzman Manalo ang ika-limang anak ng tagapagtatag ng Iglesia ni Cristo na Felix Y. Manalo at asawang si Honorata de Guzman, at kasal kay Cristina Villanueva kung saan sila'y nagkaroon ng anim na anak;

***SAPAGKAT,*** si Eraño "Ka Erdy" De Guzman Manalo ay nagsimulang mangaral ng mga turo ng Iglesia sa murang edad na 16 at ginawaran ng titulo bilang isang ministro sa edad na 22 kaalinsabay ang paghawak iba pang mahahalagang posisyon sa kapatiran;

***SAPAGKAT,*** matapos ang pagpanaw ng kanyang ama na unang naging Tagapanahalang Pangkalahatan ng Iglesia ni Cristo, pinangunahan ni Eraño "Ka Erdy" De Guzman Manalo ang paggiya sa kapatiran sa patuloy nitong pamamayagpag bilang isa sa pinakamalawak na relihiyon hindi lang sa bansa maging sa buong mundo;

***SAPAGKAT,*** kasabay ng kanyang pagkakaluklok bilang Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia ay ang paglulunsad ng mga karagdagang makabuluhang programang nakatuon sa kaayusan at kabuhayan ng mga kapatid na naging basihan ng programa ng pamahalaan para sa reporma sa lupa;

***SAPAGKAT,*** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa Iglesia at sa sambayanan:

***NGAYON, SAMAKATUWID, PINAGTITIBAY*** ng Senado, gaya ng pinagtitibay ngayon, ang pagpapahayag ng pakikidalamhati at pagluluksa sa

pagpanaw ng Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia ni Cristo (INC) Eraño "Ka Erdy" De Guzman Manalo.

***Pinagtibay,***

**MANUEL "LITO" M. LAPID**
*Senador*